INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

# ANG LIHIM NG HALAMAN SA GULOD

**ni: MARY JOY M. EXCONDE**

“Liway, tapos ka na ba sa aralin mo?” tanong ni Nanay habang abalang tinutupi ang makukulay na kumot sa sofa.

“Opo, Nay! Tapos na po! Pupunta lang po ako sa likod para bisitahin ang mga halaman ko!” sagot ni Liway na parang sabik na sabik sa isang pakikipagsapalaran. Kumislap ang kanyang mga mata, at ang boses niya ay puno ng sigla—tila ba may inaabangang kasiyahan!

“Sige, pero mag-ingat ka, ha? Baka madulas ka sa damuhan!” paalala ni Nanay, sabay kindat.

“Opo!” Tumakbo si Liway papalabas, tila isang paruparong bagong gising sa umaga! Kumakaway ang kanyang palda habang ang kanyang tsinelas ay kumakampay sa lupa— tap-tap-tap!

Pagdating sa dulo ng bakuran, binuka niya ang kanyang mga braso na parang gustong yakapin ang buong mundo! Kumakanta ang hangin, at sumasayaw ang mga dahon. Sinag ng araw ay yumakap sa kanya, at ang kanyang mga mata ay kumikislap sa tuwa!

“Magandang araw, Ginoong Kamatis, Binibining Okra, at Prinsesang Sunflower!” masiglang bati ni Liway, na parang isang reyna na bumisita sa kanyang kaharian ng luntiang halaman.

Hinugot niya ang kanyang maliit na dilaw na pandilig—ang kanyang mahiwagang gamit! —at marahang pinainom ng tubig ang kanyang mga tanim. Habang tumutulo ang tubig mula sa dulo ng pandilig, parang nagsasayawan ang mga dahon sa kilig!

“Lagi ko kayong aalagaan, ha. Gusto ko kayong lumaki, mamulaklak, at kuminang sa araw—para kayong mga bituin sa lupa!” sabi ni Liway habang nakangiting pinagmamasdan ang kanyang hardin.

Hindi ito isang ordinaryong hardin. Para kay Liway, ito ang kanyang paraiso—isang lugar kung saan siya makakapag-isip, makakapagmasid, at makakaramdam ng katahimikan. Tuwing

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

hapon, dala ang kanyang maliit na na kulay dilaw na pandilig, dinidiligan niya ang bawat halaman habang kinakausap ito. Naniniwala si Liway na nakikinig ang mga halaman sa kanya. At sa isang paraan, para bang totoo nga—parang mas masigla ang mga tanim niya kapag binubulungan niya ito ng masayang balita mula sa kanyang araw sa paaralan.

Isang hapon, habang dinidiligan ni Liway ang kanyang mga halaman, napansin niyang may isa sa kanyang mga sunflower na parang malungkot—nakayuko ang tangkay, at tuyot ang mga dahon.

"Naku, bakit kaya ganito si Sunny?" tanong ni Liway habang hinahaplos ang tangkay ng halaman. "Araw-araw naman kitang dinidiligan."

Nalungkot si Liway. Si Sunny ang una niyang itinanim na sunflower. Siya ang pinakamataas at pinakamasigla sa lahat—palaging nakaharap sa araw, palaging may malalapad na dahong parang palad ng bata.

Dahil nais niyang malaman ang dahilan, pumunta siya kay Lolo Berto, ang matandang hardinero sa kanilang lugar na kilala sa husay sa pagtatanim. Madalas din niyang makita si Lolo Berto sa palengke, bumibili ng mga buto at compost. Kilala ito ng lahat bilang tagapangalaga ng lumang hardin ng paaralan.

"Lolo Berto," bungad ni Liway, "bakit po kaya parang nalulungkot ang sunflower ko? Dinidiligan ko naman po araw-araw."

Ngumiti si Lolo Berto. "Halika, iha. Maupo ka muna at makinig sa kuwento ng mga bahagi ng halaman—ang ugat, tangkay, at dahon."

"Ang Lihim ng Halaman," simula ni Lolo Berto, "ay nasa tatlong pangunahing bahagi nito: ang ugat, tangkay, at dahon."

"Ang ugat ang unang bahagi ng halaman na sumisibol sa lupa," paliwanag ni Lolo Berto. "Ito ang humahanap ng tubig at mga sustansya sa lupa. Parang straw na sumisipsip ng inumin."

Nag-isip si Liway. "So parang may ilong ang halaman sa ilalim ng lupa?"

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

"Tumpak!" tawa ni Lolo. "Ang mga ugat ay kumikilos para masipsip ang tubig at minerals. Kung ang lupa ay tuyo, mahihirapan silang makahanap ng yaman para sa halaman."

Biglang naliwanagan si Liway. "Ay! Baka kaya nalulungkot si Sunny ay dahil tuyo ang lupa sa ilalim kahit na dinidiligan ko siya."

"Ngayon," patuloy ni Lolo, "pagkatapos makuha ng ugat ang tubig at nutrients, sino kaya ang tagahatid nito pataas?"

Ang mga mata ni Liway ay kumislap. "Ang tangkay po!"

"Tama!" sabi ni Lolo Berto. "Ang tangkay ay parang highway. Dito dumadaan ang tubig at sustansya mula sa ugat papunta sa dahon at bulaklak."

"Ahhh," bulalas ni Liway. "Kaya pala dapat matibay ang tangkay! Kung masira siya, hindi makakarating ang pagkain sa iba pang bahagi ng halaman."

"Ngayon naman," sabi ni Lolo habang tumuro sa malalapad na dahon ng gumamela, "ang dahon ang kusinero ng halaman."

"Kusinero? Paano po?" tanong ni Liway.

"Dito nagaganap ang tinatawag na photosynthesis, o ang paggawa ng pagkain ng halaman gamit ang araw, tubig, at carbon dioxide. Parang luto ito sa sariling kusina."

"Wow," sabi ni Liway. "So kailangan din ng dahon ang tubig mula sa ugat, diba po?"

"Tama," sagot ni Lolo. "Kung walang tubig, hindi makaluluto ang dahon. Kaya napakahalaga ng ugat at tangkay."

Pagkauwi ni Liway, agad niyang hinukay ng kaunti ang paligid ni Sunny. Tama nga si Lolo Berto—tuyo ang lupa sa ilalim! Nalantad ang ilang ugat na parang nanghihina.

"Kailangan mong uminom, Sunny," sabi ni Liway. Kumuha siya ng tubig at dahan-dahang diniligan ang paligid ng halaman, siniguradong basang-basa ang lupa hanggang sa mga ugat. Gumawa rin siya ng maliit na kanal sa paligid ng kanyang mga halaman para mas madaling

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

mapasok ng tubig ang ilalim ng lupa. Naisip din niyang maglagay ng mulch mula sa tuyong dahon at damo upang mapanatiling basa ang lupa kahit mainit ang araw.

Araw-araw, inobserbahan ni Liway ang tangkay, ugat, at dahon ng mga halaman niya. Tinitingnan niya kung matuwid ang tangkay, kung berde ang dahon, at kung buhaghag ang lupa. Isinusulat niya sa kanyang maliit na kuwaderno ang mga napapansin niya. Ginawa pa niyang parang talaarawan ito ng hardin, na pinangalanan niyang "Araw ni Liway at ng Hardin."

Pagkalipas ng isang linggo, natuwa si Liway nang makita niyang nakangiti na muli si Sunny. Tumayô na ang tangkay nito, at muling sumigla ang mga dahon! Ang dating tila malungkot na bulaklak, ngayo'y nakaharap na muli sa araw at tila sumasayaw sa ihip ng hangin.

"Salamat, Lolo Berto," bulong niya habang hinaplos ang malambot na tangkay. "At salamat sa'yo, ugat, tangkay, at dahon."

Sa mga sumunod na araw, dumami ang mga batang pumupunta sa hardin ni Liway. Nausisa sila sa kasiglahan ng mga tanim nito. Kaya naman, nagpasya si Liway na ibahagi ang kanyang natutunan. Tinuruan niya ang kanyang mga kaklase kung paano alagaan nang tama ang mga halaman. Ginawa pa nila itong proyekto sa Agham—obserbahan ang bahagi ng halaman at ipaliwanag ang kanilang mga tungkulin.

Hindi nagtagal, ang maliit na hardin ni Liway ay naging mas malaki. Tinulungan siya ng kanyang mga kaibigan at guro na palawakin ito sa bakuran ng paaralan. Dito nila itinanim ang sari-saring gulay at bulaklak. Bawat bata ay may sariling tanim na inaalagaan.

Naging masaya at makulay ang mga Sabado sa paaralan. Tuwing umaga, nagsasama-sama ang mga bata upang linisin ang hardin, tanggalin ang damo, at magdilig. May pagkakataon pang gumagawa sila ng mga eksperimento tulad ng pagtubo ng buto sa bulak o papel. Natututo silang magtulungan, magmasid, at maging matiyaga.

Isang araw, dumating ang tag-ulan. Malakas ang buhos ng ulan at halos araw-araw itong bumabagsak. Nag-aalala si Liway na baka mabulok ang ugat ng mga tanim nila. Pinulong niya ang kanyang mga kaibigan at gumawa sila ng mga hakbang para iligtas ang hardin. Naghukay

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com
****************************************************************************************************
sila ng mga kanal para hindi maipon ang tubig. Gumawa rin sila ng mga simpleng silungan gamit ang plastik at kawayan para maprotektahan ang mga halamang sensitibo sa ulan.

"Hindi lang sa init sinusubok ang halaman," sabi ni Liway. "Maging sa ulan, kailangan nilang lumaban. Tulad din natin."

Dahil sa kanilang sipag at tiyaga, nalampasan ng hardin ang mga pagsubok ng tag-ulan. Lalong humanga ang mga guro sa dedikasyon ng mga bata.

Minsang bumisita ang isang guro mula sa ibang barangay at napahanga sa proyekto ni Liway. Iniimbitahan siya sa isang paligsahan para sa mga batang siyentipiko sa buong bayan. Dito siya nakilala bilang "Batang Hardinera ng Baryo Gulod."

Sa araw ng paligsahan, ipinaliwanag ni Liway gamit ang simpleng mga salita kung paano gumagana ang halaman. May dala siyang maliit na modelo ng halaman na gawa sa karton at clay—may ugat na straw, tangkay na straw din pero makapal, at dahon na gawa sa papel na may drawing ng araw. Napahanga ang mga hurado sa kanyang kaalaman at ang husay niyang magpaliwanag.

Nanalo si Liway ng unang gantimpala. Ngunit ang pinakamahalagang gantimpala para sa kanya ay ang pagkakaroon ng bagong mga kaibigan na katulad niyang mahilig sa kalikasan.

Sa tagumpay niyang iyon, inimbitahan si Liway sa lungsod upang sumali sa isang mas malaking Science Fair. Doon niya nakita ang iba't ibang proyekto ng kabataang mula sa iba’t ibang lugar—may gumawa ng solar-powered irrigation, may nagtanim ng mga halaman sa loob ng bote, at may nagpakita ng mga halamang gamot sa kanilang lugar.

Bagamat kabado sa una, lumakas ang loob ni Liway nang maisip niyang dala niya ang kwento ng kanilang baryo at ang simpleng karunungang natutunan niya mula sa hardin. Ipinakita niya ang kanyang modelo at ibinahagi kung paanong natulungan ng hardin ang mga bata sa kanilang baryo na matutong magtulungan at mag-alaga ng kalikasan.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

Matapos ang kanyang presentasyon, isang propesor mula sa kolehiyo ang lumapit kay Liway. "Napakaganda ng proyekto mo, iha," wika nito. "Ipinapaalala mo sa amin na ang agham ay hindi lang para sa laboratoryo. Minsan, ang tunay na agham ay nasa likod-bahay, sa ilalim ng lupa, at sa puso ng isang batang marunong magmahal sa kalikasan."

Mula noon, mas lumawak pa ang kanyang kaalaman. Bumisita siya sa mga bukirin, greenhouse, at botanical garden. Sa bawat lugar, may bago siyang natutunan. Nalaman niya ang iba't ibang klase ng halaman—may mga halamang nangangailangan ng maraming tubig, mayroon ding hindi. May mga ugat na mababaw, at may mga tumatagos hanggang lalim ng lupa. Nalaman din niya ang tungkol sa composting, vertical gardening, at hydroponics.

Naging inspirasyon si Liway sa kanilang komunidad. Ang dating simpleng hardin sa likod-bahay ay isa nang sentro ng pag-aaral at pagtutulungan. Tuwing Sabado, may mga bata at matatanda na nagtitipon upang sama-samang maglinis, magtanim, at magbahagi ng kaalaman. Si Lolo Berto ang naging tagapayo nila, habang si Liway ang masiglang lider ng mga batang hardinero.

Nagtayo sila ng isang munting silid-aralan sa tabi ng hardin, kung saan may mga aklat tungkol sa kalikasan, mga kagamitan sa pagtatanim, at mga larawang kuha mula sa mga proyekto nila. Dito rin ginaganap ang kanilang mga pagtitipon tuwing Biyernes ng hapon. Tinawag nila itong "Gulod Garden Club."

Minsan, may batang bago sa baryo na si Kiko. Tahimik siya at hindi agad nakikisama. Pero nang imbitahan siya ni Liway sa hardin, unti-unti siyang naging palakaibigan. Natuto siyang magtanim ng sitaw, at kalaunan, siya na ang nangunguna sa paggawa ng compost. Sa hardin, natagpuan ni Kiko ang kumpiyansa sa sarili at mga kaibigang tunay.

Sa paggising ng bagong taon, tahimik pa rin ang baryo sa paanan ng gulod, pero hindi ang puso ni Liway —puno ito ng bagong ideya. Sa muling paglalakbay niya sa lungsod para sa science fair, may isang tanong na patuloy na bumabagabag sa kanya: Paano kaya kung makatulong ako sa mas maraming bata pa, hindi lang sa aming baryo?

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
Available online at https://www.instabrightgazette.com

Habang dinidiligan niya ang mga bagong tanim sa kanilang hardin—mga sitaw, pechay, at sunflower—napansin niyang masigasig pa rin ang mga kabataang miyembro ng Gulod Garden Club. Pero ngayon, may bago silang proyekto.

"Gagawa tayo ng Binhi Bank!" masiglang sigaw ni Liway sa harap ng grupo.

"Ano 'yun?" tanong ni Kiko, na ngayo'y mas masigla na at aktibo bilang pangalawang lider.

"Pag-iipunan natin ang mga buto ng mga halaman na tanim natin. Pipili tayo ng mga pinakamatibay, at itatabi ang mga ito sa tuyo at ligtas na lugar. Kapag may bagong bata na gustong magtanim, may maibibigay tayong binhi."

Sa kanilang munting hardin sa paanan ng gulod, masiglang nagbubungkal ng lupa ang mga miyembro ng Gulod Garden Club. Bawat isa ay may dalang maliit na pala at mga buto na ilalagay sa kanilang seed trays.

"Bago tayo magtanim," sabi ni Liway, "tignan muna natin nang mabuti ang mga halaman na may ugat na."

Kinuha niya ang isang punla ng kamatis at marahang hinugot mula sa tray.

"O, tingnan n'yo ito," sabi ni Liway habang hawak ang punla. "May dalawang bahagi ito—ang ugat sa ilalim, at ang shoot system sa taas."

"Shoot system?" tanong ni Kiko, habang sinusuri ang maliit na tangkay.

"Oo," sagot ni Liway. "Ang root system ang siyang kumakapit sa lupa at kumukuha ng tubig at sustansya. Kapag malusog ang ugat, mas malusog ang buong halaman."

"Eh ang shoot system?" tanong ni Liza habang inaayos ang kanyang seed tray.

"Ito naman ang tangkay, dahon, at kalaunan, ang bulaklak o bunga," paliwanag ni Liway. "Dito dumadaan ang tubig pataas, at dito rin nangyayari ang photosynthesis—'yung paggawa ng pagkain ng halaman gamit ang sikat ng araw."

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

"Parang teamwork," sabi ni Kiko. "Kung wala ang ugat, walang tubig. Kung wala ang tangkay at dahon, walang pagkain."

"Tumpak!" ngumiti si Liway. "Kaya dapat alagaan ang buong sistema. Para sa Binhi Bank natin, pipili tayo ng mga tanim na may matitibay na ugat at malalakas ang shoot system."

Tuwang-tuwa ang mga bata. Agad silang nagsimula sa paggawa ng mga lalagyan para sa binhi bank. Gumamit sila ng mga boteng nirecycle, lumang garapon, at kahong gawa sa karton. Nilagyan nila ito ng mga label gaya ng "Okra 2025", "Kamatis mula sa Araw ni Liza", at "Sunflower ni Kiko".

Habang lumalalim ang kanilang proyekto, napansin ni Liway ang pagbabago sa paligid—unti-unting nauubos ang mga punong kahoy sa may paanan ng gulod. "Ano kaya ang ginagawa roon?" tanong niya sa sarili.

Isang araw, habang pauwi mula sa paaralan, nadaanan niya ang lugar at nakita ang ilang kalalakihang nagpuputol ng puno. May planong tayuan ito ng maliit na warehouse ng isang kompanyang hindi pa niya naririnig—Green Build Inc.

Kinabukasan, tinipon ni Liway ang Gulod Garden Club.

"May kailangan tayong pag-usapan," sabi niya. "May binabakanteng lupa sa baba ng gulod. Ginugupit ang mga puno, at baka masira ang kalikasan natin."

Nagtaas ng kamay si Kiko. "Puwede kaya tayong gumawa ng petisyon? O kaya gumawa ng panibagong proyekto para ipakitang mahalaga ang mga punong iyon?"

Dito nagsimula ang susunod nilang pakikipagsapalaran—ang "Luntiang Bayanihan."

Pumunta si Liway sa silid-aklatan ng paaralan at nagsaliksik tungkol sa mga native na puno sa kanilang lugar, kasama ang mga papel na nagsasabi kung gaano kahalaga ang biodiversity at natural na watershed sa paanan ng mga gulod.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Sinamahan siya ni Ma'am Joy, ang kanilang guro sa Agham, na dating nagtuturo sa lungsod. "May alam akong organisasyon na tutulong sa inyo," sabi ni Ma'am. "Ang EcoYouth Network—mga batang lider din sila, tulad ninyo."

Nagpadala ng email si Liway, at makalipas lang ng ilang araw, may dumalaw na dalawang kinatawan mula sa Eco Youth Network: si Kuya Nilo at Ate Iya.

Nagkaroon sila ng workshop sa kanilang munting silid-aralan sa tabi ng hardin. Tinuruan sila ng tamang paglikha ng action plan, paggawa ng environmental impact statement, at paano gumawa ng presentasyon para sa Sangguniang Barangay.

"Hindi sapat na galit tayo. Kailangan nating ipakita kung bakit mahalagang protektahan ang lupang iyon," sabi ni Ate Iya.

Tumayo si Liway sa harap ng tanggapan ng barangay, kasama ang ilan sa kanyang kaibigan. Dalá nila ang mga larawang kuha ng mga punong puputulin, mapa ng lugar, at presentasyon tungkol sa epekto ng pagkawala ng kagubatan sa watershed.

"Kung mawala po ang mga punong ito," paliwanag ni Liway, "puwedeng magkaroon ng pagbaha sa tag-ulan, o matuyuan ang ating balon sa tag-init. Masisira rin ang tirahan ng mga ibon at insekto."

Tahimik ang mga tagapakinig—bihirang marinig ang ganoong pananalita mula sa isang bata.

Pagkatapos ng presentasyon, nagbigay ng pahayag si Kapitan Rigor: "Pipigilan muna natin ang pagputol habang pinag-aaralan ito. Pero kailangan natin ng alternatibo."

Nag-organisa si Liway at ang Gulod Garden Club ng isang kaganapan: Luntiang Linggo—isang araw ng pagtatanim, sining, at agham sa komunidad. May storytelling para sa mga bata, eco-painting gamit ang dahon, at mga mini-lecture tungkol sa kahalagahan ng kalikasan.

Nagpakita rin sila ng prototype ng "Living Fence"—mga halamang matitibay na puwedeng itanim sa gilid ng lupa sa halip na konkretong pader. Ito ang kanilang alternatibong alok sa kompanya.


**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VII, Issue I
August 2025
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Sa gitna ng lahat ng ito, muling bumalik ang propesor na nakilala ni Liway sa science fair—si Dr. Sol, isang dalubhasa sa agroecology. Napansin nito ang sipag ni Liway at ang pagkakabuo ng isang komunidad ng kabataan.

"Alam mo, Liway," sabi niya, "ang tunay na siyentipiko ay hindi lang nag-eeksperimento. Isa siyang tagapagsalita ng kalikasan."

Nag-imbita siya kay Liway na lumahok sa Young Earth Guardians Program, isang mentoring program sa mga batang lider sa environmental science.

Sa kanyang pagpasok sa programa, bumisita si Liway sa iba't ibang lugar—isang organic farm sa Laguna, isang paaralan na may edible garden sa rooftop sa Maynila, at isang komunidad na nagsimula ng urban composting.

Sa bawat lugar, may natutunan siya: sa Laguna, nakita niya kung paano pinagsasama ang mga hayop at halaman para sa natural na pag-aalaga; sa Maynila, natutunan niya kung paanong kahit sa maliit na espasyo, puwedeng magtanim at kumain ng masustansya, sa urban composting site, nakita niyang kahit basura ay may silbi.

Sa kanyang pagbabalik, dala-dala ni Liway ang binhi ng bagong pag-asa—isang seed library na konektado sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Pinangalanan nila ito bilang "Binhi ng Pagbabago."

Ang dating hardin ay mas malawak na ngayon—may mga seksyon na para sa eksperimento, para sa art activities, at para sa community composting.

Sa bawat bagong bata na dumarating, sinisimulan ni Liway ang kanyang kwento ng tanong "Alam mo ba ang sikreto ng ugat, tangkay, at dahon?" At sa bawat tanong, may bagong kwento na namumunga.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza